DENOTASYON o KONOTASYON

Suriin ang pangungusap na may nakasalungguhit na salita at isulat sa patlang bago ang numero kung ito ba ay ginamit sa denotatibo o konotatibong paraan batay sa pagkakagamit sa pangungusap. Isulat lamang ang **Denotasyon** o **Konotasyon.**

_______________1. Sa pagtungo ni Lifu-o sa kaingin ay nakakita siya ng ***uwak*** sa gitna ng daan na para sa kanya ay masamang pangitain.

________________2. Isang napakagandang ***bulaklak*** sa nayon ang hinaharana at sinusuyo ng mga kalalakihan.

________________3. Kay raming ***bulaklak*** ang aking nakita ngunit ang halimuyak nila ay kakaiba sa iyo. Hindi ka maaring ipaghambing kahit kanino.

________________4. Idinilat ng isang ***ibong nahihimbing*** ang kanyang diwa, ipinayagpag ang kanyang napakalapad na mga pakpak upang hayuin ang papawirin.

________________5. Si Sharon Cuneta ay isa sa pinakamaningning na ***tala*** sa pelikulang Pilipino magpahanggang ngayon.

________________6. Hindi matanggap ni Noel ang pagkatalo sa laro kaya umuwi siya sa bahay na ***nag-aapoy*** ang kaniyang damdamin.

________________7. Nakita ko naman ang kapitbahay kong may ***gintong kutsara sa bibig.***

________________8. Kasya lang na pambili ng pagkain ang ***kita*** ko ngayon.

________________9. Ang ganda tingnan ng mga ***pulang rosas*** na bigay ng manliligaw ni ate.

_______________10. Ang paboritong ulam ni tatay ay sinabawang gulay na may kasamang ***tuyo***.

LIVEWORKSHEETS